Republic of the Philippines
# Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

**Office of the Schools Division Superintendent**

**20 AGOSTO 2020**

Dibisyon MEMORANDUM
No. 293, s. 2020

**MGA PAMANTAYAN AT BATAYANG PANUKAT SA MGA PATIMPLAK SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG WIKA 2020**

To : Superbisor ng Pampublikong Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pribadong Elementarya at Sekondarya

1. Bilang pagtalima sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang mga paaralang pambubliko o pribado ay inaasahang makilahok sa mga patimpalak na gaganapin sa Pampinid na Palatuntunan.

2. Ang nasabing patimpalak at palatuntunan ay gaganapin sa birtwal na pamamaraan aton sa napag-usapang iskedyul.

3. Ang mga pamantayan at batayang panukat ay nalalahad sa mga sumusunod:

**a. PAGGAWA NG BIDYONG PANG-ADBOKASIYA HINGGIL SA PAGSUGPO NG COVID-19 GAMIT ANG KATUTUBONG WIKA NG BANSA O WIKA NG KUMONIDAD**

Pamantayan:

1. Ang paligsahan sa paggawa ng mga bidyong pang-adbokasiya hinggil sa pagsugpo ng COVID-19 gamit ang katutubong wika ng bansa o wika ng kumonidad ay bukas sa pamparalang ***sekondarya o elementarya*** sa pampublikong paaralan.
2. Isang *"entry"* lang ang inaasahang kakatawan sa bawat distrito.
3. Ang mga paaralan ay maaring magsumite ng kanilang mga bidyong pang adbokasiya sa kanilang distrito na pagpipilian upang isumite bilang opisyal na *"entry"* sa dibisyon.
4. Ang bidyong isusumite ay maglalaman ng mga impormasyong nalalahad ang adbokasiya sa loob lamang ng tatlo (3) hanggang limang (5) minuto.
5. Gaganapin ang paligsahan sa pamamagitan ng birtwal na midyum kung saan isusumite ng bawat kalahok ang kanilang awtput sa ika-26 ng Agosto, 2020 ganap na ika-1 ng hapon. Ang link na pagsusumitehan ng mga *"entry"* ay magsasara pagkalipas ng ika-1 ng hapon.
6. Ang desisiyon ng mga hurado ay pinal.

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph

ISO Cert. No. AW/PH909100102

Batayang Panukat

| | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>*(Naipakita at naipaliwanag ngmaayos ang ugnayan ng konsepto sa paggawa ng advocacy campaign)* | - | 30% |
| **Kaangkupan ng Konsepto at iba pang materyal na ginamit**<br>*(Mahusay, maliwanag at angkop na angkop ang konsepto at iba pang materyal tulad ng larawan, slogan, at iba upang mailarawan ang mensahe ng advocacy campaign)* | - | 30% |
| **Pagkamapanlikha (Originality)**<br>*(Orihinal ang ideya sa paggawa ng advocacy campaign)* | - | 20% |
| **Pagkamalikhain (Creativity)**<br>*(Gumamit ng mga animation, tricks, at background music, at iba pa sa advocacy campaign)* | - | 20% |
| | | 100% |

**b. PAGGAWA NG BIDYO SA ALTERNATIBONG PAMAMARAAN SA PAG-AARAL SA BAGONG NORMAL GAMIT ANG KATUTUBONG WIKA NG BANSA O WIKA NG KOMUNIDAD**

Pamantayan:

1. Ang paligsahan sa paggawa ng mga bidyong ukol sa alternatibong pamamaraan sa pag-aaral sa bagong normal gamit ang katutubong wika ng bansa o wika ng komunidad ay bukas sa pamparalang ***sekondarya o elementarya*** sa pampublikong paaralan.
2. Isang *"entry"* lang ang inaasahang kakatawan sa bawat distrito.
3. Ang mga paaralan ay maariga ng magsumite ng kanilang mga bidyo ng mga pamamaraan sa pag-aaral sa kanilang distrito na pagpipilian upang isumite bilang opisyal na *"entry"* sa dibisyon.
4. Ang bidyong isusumite ay maglalaman ng mga impormasyong nalalahad ang mpamamaraan sa loob lamang ng lima (5) hanggang pitong (7) minuto.
5. Gaganapin ang paligsahan sa pamamagitan ng birtwal na midyum kung saan isusumite ng bawat kalahok ang kanilang awtput sa ika-26 ng Agosto, 2020 ganap na ika-1 ng hapon. Ang link na pagsusumitehan ng mga *"entry"* ay magsasara pagkalipas ng ika-1 ng hapon.
6. Ang desisiyon ng mga hurado ay pinal.

Batayang Panukat

| | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>*(Naipakita at naipaliwanag ngmaayos ang ugnayan ng konsepto sa paggawa ng advocacy campaign)* | - | 30% |
| **Kaangkupan ng Konsepto at iba pang materyal na ginamit**<br>*(Mahusay, maliwanag at angkop na angkop ang konsepto at iba pang materyal tulad ng larawan, slogan, at iba upang mailarawan ang mensahe ng advocacy campaign)* | - | 30% |
| **Pagkamapanlikha (Originality)**<br>*(Orihinal ang ideya sa paggawa ng advocacy campaign)* | - | 20% |
| **Pagkamalikhain (Creativity)**<br>*(Gumamit ng mga animation, tricks, at background music, at iba pa sa advocacy campaign)* | - | 20% |
| | | 100% |

c. **PAGGAWA NG POSTER AT SLOGAN** *(Sekondarya)*

Pamantayan:

1. Ang paligsahan sa paggawa ng poster at slogan ay bukas sa pamparalang ***sekondarya*** maging pribado man o publiko.
2. Isang kalahok lang ang inaasahang kakatawan sa bawat distrito.
3. Ang mga kalahok ay maaring lumikha ng kanilang poster at slogan base sa temang ibibigay ng tagapamanihala ng kompetisyon.
4. Maaring gumamit ng anumang materyales "medium" sa kanilang likha na isasalarawan sa isang "US Bond Paper" na may sukat na 21cm" x 29.7cm" (A4).
5. Gaganapin ito sa pamamagitan ng birtwal na midyum o *"real-time viewing"* kung saan nakabukas ang online camera ng mga kalahok sa itinakdang oras ng kompetisyon. Ang link para sa *"real-time viewing"* ay ibibigay bago magsimula ang kompetisyon.
6. Magaganap ang paligsahan sa ika-26 ng Agosto, 2020, mula 9:00 hanggang 11:00 ng umaga.
7. Isusumite ng bawat kalahok ang kanilang awtput na *"scanned format (jpeg)"* bago ang 1:00 ng hapon. Ang link na pagsusumitehan ng mga kalahok ay magsasara pagkalipas ng ika-1 ng hapon.
8. Ang desisiyon ng mga hurado ay pinal.

Republic of the Philippines
Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

Batayang Panukat

| | | |
|---|---|---|
| Kaugnayan sa Paksa | - | 30% |
| Pagkamalikhain | - | 30% |
| Pagkaorihinal | - | 30% |
| Pangkalahatang Anyo | - | 10% |
| | | 100% |

**d. PAGSULAT NG SANAYSAY** *(Sekondarya)*

Pamantayan:

1. Ang paligsahan sa pagsulat ng sanaysay ay bukas sa pamparalang ***sekondarya*** maging pribado man o publiko.
2. Isang kalahok lang ang inaasahang kakatawan sa bawat distrito.
3. Ang gagawing sanaysay ay dapat mayroong 500 salita o higit pa.
4. Gawing nauugnay ang likha sa temang ibibigay ng tagapamanihala ng kompetisyon.
5. Ang kompetisyon ay napagsang-ayunang sulat kamay ang maging pamamaraan gamit ang "US Bond Paper" na may sukat na 21cm" x 29.7cm" (A4).
6. Siguraduhing ang sanaysay ay hindi gagamit ng mga salitang mapaminsala sa kapwa.
7. Gaganapin ito sa pamamagitan ng birtwal na midyum o *"real-time viewing"* kung saan nakabukas ang online camera ng mga kalahok sa itinakdang oras kompetisyon. Ang link para sa *"real-time viewing"* ay ibibigay bago magsimula ang kompetisyon.
8. Magaganap ang paligsahan sa ika-26 ng Agosto, 2020, mula 9:00 hangang 10:00 ng umaga.
9. Isusumite ng bawat kalahok ang kanilang awtput na *"scanned format (jpeg)"* bago ang 1:00 ng hapon. Ang link na pagsusumitehan ng mga kalahok ay magsasara pagkalipas ng ika-1 ng hapon.
10. Ang desisiyon ng mga hurado ay pinal.

Batayang Panukat

| | | |
|---|---|---|
| Nilalaman | - | 45% |
| Kaugnayan sa Tema | - | 30% |
| Paggamit ng Salita | - | 25% |
| Kabuuan | | 100% |

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph
ISO Cert. No. AW/PH909100102

e. **PAGSULAT NG TULA** *(Elementarya)*

Pamantayan:

1. Ang paligsahan sa sa pagsulat ng tula ay bukas sa pamparalang ***elementarya*** maging pribado man o publiko.
2. Isang kalahok lang ang inaasahang kakatawan sa bawat distrito.
3. Ang tulang susulatin ay gagamit nang malayang taludturan na nakasentro sa paksang ibibigay ng tagapamanihala ng kompetisyon.
4. Bubuuin ng apat na taludturan na may apat hanggang limang saknong ang tulang gagawin.
5. Ang kompetisyon ay napagsang-ayunang sulat kamay ang maging pamamaraan gamit ang "US Bond Paper" na may sukat na 21cm" x 29.7cm" (A4).
6. Gaganapin ito sa pamamagitan ng birtwal na midyum o *"real-time viewing"* kung saan nakabukas ang online na camera ng mga kalahok sa itinakdang oras ng kompetisyon. Ang link para sa *"real-time viewing"* ay ibibigay bago magsimula ang kompetisyon.
7. Magaganap ang paligsahan sa ika-26 ng Agosto, 2020, mula 9:00 hangang 10:00 ng umaga.
8. Isusumite ng bawat kalahok ang kanilang awtput na *"scanned format (jpeg)"* bago ang 1:00 ng hapon. Ang link na pagsusumitehan ng mga kalahok ay magsasara pagkalipas ng ika-1 ng hapon.
9. Ang desisiyon ng mga hurado ay pinal.

Batayang Panukat

| | | |
|---|---|---|
| Nilalaman at pamamaraan | – | 50% |
| Istilo | – | 25% |
| Pananalita | – | 15% |
| Orihinalidad | – | 10% |
| | | 100% |

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

**JOSITA B. CARMEN, CESO V**
Tagapamanihala
Dibisyon ng Surigao del Sur

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph

Reference:
Regional Memo No. 320, s. 2020

To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CTCCC//DM-MEMO MGA PAMANTAYAN AT BATAYANG PANUKAT SA MGA PATIMPLAK
293 /August 20, 2020

Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
(086) 211-3225
surigaodelsur.division@deped.gov.ph

ISO Cert. No. AW/PH909100102